## 1. DAHIL SA MALALANG KORAPSYON AT PANDARAMBONG



Pinutakte ng rehimeng Marcos Jr. ng korapsyon sa mga proyektong pang-imprastraktura, primarya sa mga “ghost projects” sa anyo ng mga substandard o di matapos-tapos na mga flood control projects at farm-to-market roads. Sa pagbalandra ni Marcos Jr. nitong mga pekeng proyekto, doble pinsala ito sa mga magsasakang taun-taon ay apektado ng mga bagyo at pagbaha, at sa kabilang banda, ang suporta para sa kanila ay naibubulsa lamang ng mga nasa poder.

Sa kabila nito, inilaan ng LandBank at DBP ang bilyong piso mula sa buwis ng mamamayan para pondohan ang Maharlika Investment Fund, isang kontrobersyal at high-risk na pondo na binatikos ng mga magsasaka dahil sa kawalan ng transparency at panganib na mawaldas ang pondo na dapat sana’y para sa irigasyon, post-harvest facilities, at suportang subsidyo. Kasabay nito, nalugmok ang tiwala ng publiko dahil sa malalaking iregularidad sa paggamit ng confidential funds ni Sara Duterte sa OVP at DepEd, kabilang ang P125 milyon na ginastos sa loob lamang ng 11 araw, at mga kwestyonableng resibo.

## 2. DAHIL SA PAGSABOTAHE AT PAGWASAK SA LOKAL NA INDUSTRIYA NG BIGAS, AT PAGPALALA SA KRISIS SA AGRIKULTURA

Naging magbigat na pasanin ng mga magsasaka ang malawakang epekto ng liberalisasyon ng agrikultura sa bansa. Ang RLL ay nag-alis ng dami-limitasyon sa pagimport ng bigas, at pinalitan ito ng taripa.

Maraming magsasaka ang naapektuhan nang bumagsak nang husto ang farmgate price ng palay, at naging apektado rin ang mga konsyumer sa pagsirit ng presyo ng bigas. Buong taon ay nagkandarapang pinagtatakpan ng gobyerno ang kapalpakan ng RLL sa pagpigil sa pagtaas ng presyo ng bigas: mula sa food security emergency, temporary import ban, rice-for-all program at marami pang iba.

Bagamat may binalang safety net sa anyo ng Rice Competitiveness Enhancement Fund (RCEF), di parin malinaw kung paano nga ba ito ginagastos ng pamahalaan. Dapat imbestigahan kung ang pondo ay talagang napupunta sa makinarya, binhi, pagsasanay na makakatulong sana sa mga maliliit na magsasaka. Mahalaga ring malaman kung may sapat na monitoring at transparency sa implementasyon ng RCEF.

## 3. DAHIL SA KRIMINAL NA KAPABAYAAN SA EL NINO, MGA BAGYO, AT IBA PANG KALAMIDAD

Nararanasan ng mga magsasaka ang matinding pinsala bunsod ng krisis sa klima. Umabot sa halos P60 bilyon ang nalugi sa sektor ng agrikultura dahil sa mga bagyo, pagbaha, tagtuyot noong 2024. Sa kabila nito, nananatiling kapos at pabugso-bugso ang tugon ng rehimen, na halos nakaasa lamang sa pagpamumud ng ayudang umaabot lang sa mga piling lalawigan at hindi sapat para sa lawak at tindi ng pinsala.

Habang sunod-sunod ang bagyo at madalas ay walang malinaw o agarang tulong na natatanggap ang mga magsasaka, lalo silang ibinabaon sa pagkalugi at utang. Walang maaasahang suporta sa rekoberi, replanting, price support, at subsidyo kaya sila ang pinakamalubhang tinatamaan at huling nakakabangon sa bawat dating ng sakuna.



## 5. DAHIL SA TUMITINDING PAGLABAG SA KARAPATAN NG MGA MAGBUBUKID

Sa ilalim ng tambalang Marcos Jr. at Duterte, naging talamak ang paggamit ng terorismong pang-estado bilang pangunahing armas ng gobyerno laban sa mga komunidad sa kanayunan. Sa pamamagitan ng pinalakas na presensya ng militar at pulisya, malawakang red-tagging, at pagpilit ng "forced surrenders," inilalagay sa panganib ang mga magsasaka, mangingisda, at katutubo na karaniwang iniuugnay sa armadong kilusan kahit wala namang sapat o totoong batayan. Sa tabing ng kontra-insurhensiya, nagiging normalisado ang warrantless arrests, surveillance, checkpoint harassment, at panggigipit sa mga lider-magsasaka at organisasyon sa kanayunan.

Dagdag pa rito, may malinaw na pattern ng paglabag sa International Humanitarian Law: kabilang ang extrajudicial killings, harassment sa kababaihang magsasaka, pag-okupa sa mga eskwelahan at barangay hall, at pag-atake sa mga miyembro ng kooperatiba at organisasyong nagsusulong ng reporma sa lupa. Ang militarisasyon sa kanayunan ay nagbunsod ng sapilitang paglikas, pagkasira ng kabuhayan, at matinding pangamba sa mga baryong dapat sana'y sentro ng produksiyon ng pagkain.

## 4. DAHIL SA PAGBEBENTA NG LUPAIN NG BANSA, PANGUNAHIN SA MGA DAYUHANG NEGOSYO

Noong Setyembre 2025, nilagdaan ni Marcos Jr. ang Republic Act No. 12252 o 99 year land lease act, na nagpapahintulot sa mga dayuhang investor na mag-ari ng pribadong lupa sa Pilipinas nang hanggang 99 na taon. Bagamat ayon sa gobyerno ito'y para hikayatin ang dayuhang pamumuhunan at pasiglahin ang ekonomiya, ito ay pagsuko ng soberanya at kapakanan ng mamamayang magsasaka sa mga dayuhang negosyo at ilang malalaking landlord.

Ang panganib: mabilis ang land grabbing, displacement ng mga magsasaka at komunidad sa kanayunan, pagtaas ng spekulasyon sa lupa, at pagdami ng lupaing agrikultural na mawawala sa tunay na mga magsasaka. Bukod sa pagsikad ng mga proyektong land use conversion sa ilalim ng Build Better More, dagdag rin ito sa mga huwad na program sa lupang pinatutupad ng rehimeng Marcos Jr. tulad ng SPLIT, NAEA na layong linlangin at bawian ng karapatan sa lupa ang mga magsasaka.



